# Ang aming patakaran

- Ginagalang namin ang mga karapatan at responsibilidad ng mga pasyente na magpasya tungkol sa pangangalaga sa kanilang kalusugan, kabilang ang mga pagpapasya patungkol sa pagpigil o pagbawi sa paggamot na nakakapagpahaba ng buhay.
- Nakatuon kami sa pagbibigay sa iyo ng impormasyon sa paggamot para sa pangangalaga sa kalusugan at pakikinig sa iyong mga piniling paggamot.
- May karapatan kang tanggapin o tanggihan ang anumang medikal na paggamot.
- Hindi kami magpapakita ng diskriminasyon laban sa sinuman batay sa kung sumulat ang tao ng Paunang Pahintulot. Igagalang ang iyong personal, kultural, at espiritwal na mga pananaw, mga kagustuhan at mga paniniwala kapag nagpapasya tungkol sa paggamot.
- Igagalang namin ang mga pagpapasya sa paggamot na isinaad sa iyong mga Paunang Pahintulot, maliban kung pinaniniwalaan naming hindi ito medikal na nakasaad o hindi karapat-dapat na gawin. Kung hindi magawang sundin ng medical center o doktor ang iyong Paunang Pahintulot batay sa mga patakaran sa itaas, gagawin namin ang bawat pagsusumikap upang mailipat ka sa isang pasilidad na susunod dito.

SWEDISH **Swedish.org**

Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Swedish (Swedish Health Services) Nakalaan ang lahat ng karapatan.

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 888-311-9127 (TTY:711)

ADMN-13-12500 Rev Tagalog *2/23*

注意：如果您講中文，我們可以給您提供免費中 文翻譯服務，請致電 888-311-9127 (TTY711)

SWEDISH

# Patiunang Pagpaplano para sa Pangangalaga Advance Care Planning (Tagalog)



# Maagang Pagpaplano

Bawat araw, kinakaharap ng mga tao ang mga hindi inaasahang medikal na problemang nakakaapekto sa kanilang mga sarili o sa mga taong malapit sa kanila.

Minsan ang mahahalagang mga desisyon tungkol sa ating pangangalaga sa kalusugan ay kailangang gawin agad. Inaasahan at nais ng karamihan sa atin na makontrol ang ating sariling medikal na pangangalaga, ngunit maaaring maging napakalala ng ating karamdaman na hindi na natin magawang makapagsalita.

Kahit na hindi mo kailangan ng ibang tao para magpasya para sa iyo, maaaring makatulong ito sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay na maagang magplano tungkol sa pangangalaga sa pagwawakas ng buhay. Bawat isa sa atin ay may sariling ideya tungkol sa kung ano ang nagpapaganda sa buhay, at pwedeng patnubayan ng mga pagpapahalagang iyon ang ating mga kagustuhan sa pangangalaga, lalo na sa panahon na hindi tayo makapagpasya para sa sarili natin. Maglaan ng oras para pag-isipan ang tungkol sa mga posibilidad na ito bago may mangyaring krisis. Tutulungan ka nitong magpasya kung ano talaga ang mahalaga sa iyo.

Hindi kami nandidiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, edad, o kapansanan sa aming mga programang pangkalusugan at aktibidad.

Maaaring makatulong kung isasaalang-alang ang ilan sa sumusunod:

- Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng magandang buhay?
- Kung iisipin mo ang tungkol sa huling yugto sa buhay, ano ang pinakaimportante sa iyo?
- Ano ang palagay mo sa pagdepende sa mga makinarya upang manatiling buhay?
- Pipiliin mo bang tanggihan ang mga panggagamot na mukhang magpapahaba sa proseso ng pagkamatay?

Hindi madali ang mga sagot sa mga tanong na ito, ngunit makakatulong sa iyo at sa kanila ang pagtalakay ng mga iyon kasama ng mga iba pa na maunawaan ang iyong mga kagustuhan. Maaari ding maging mas madali para sa iyong pamilya sa paglaon kung pinaniniwalaan nilang sinusunod nila ang iyong mga kagustuhan.



# Patiunang Pagpaplano para sa Pangangalaga

## Living Will at Durable Power of Attorney para sa Pangangalaga Pangkalusugan

Ang mga paunang pahintulot (Advance directives o ADs) ay mga legal na dokumento kung saan isinusulat mo kung paano mo gustong mapamahalaan ang iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo na magawa o maipaalam ang mga desisyon. Nirerekomenda naming ang lahat ng pasyenteng edad 18 pataas na gumawa ng AD.

May dalawang uri ng paunang pahintulot: Living Will at Durable Power of Attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan (Durable Power of Attorney for Health Care o DPOAH). Ang parehong dokumento ay tumutulong na maipagbigay-alam sa mga health care providers ang iyong kagustuhan sa pangangalaga, ngunit ang Living Will ay hindi nagtatakda ng health care agent.

May dalawang tao dapat na maging saksi sa iyong paglagda sa Living Will o Durable Power of Attorney para sa Pangangalaga Pangkalusugan. Ang saksi ay hindi mo dapat kamag-anak o tagapagbigay ng pangangalaga sa bahay. Bilang alternatibo, maaaring patibayan ng isang notary public ang Durable Power of Attorney para sa Pangangalaga Pangkalusugan sa halip na magkaroon ng dalawang testigo.

Ang pagpili ng health care agent ay mahalagang hakbang. Ang iyong health care agent ay dapat na isa na nakakaalam kung ano ang pinakamahalaga sa iyo sa buhay, at handang gumawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalaga na tatanggapin mo sa napakahirap na oras. Kapag pumili ka ng tao, makipag-usap sa kanila tungkol sa iyong mga kahilingan.

Kapag nakumpleto mo na ang AD, dalhin ito sa susunod na usapan, at ia-upload ito ng iyong team sa iyong elektronikong medikal na rekord.

Kung magbago ang mga gusto mo, maaari mong baguhin o kanselahin ang anuman sa iyong mga dokumento sa paunang pagpaplano. Mahalagang siguraduhin na alam ng iyong pamilya at ng iyong doktor kapag natapos o may pagbabago sa iyong mga dokumento.

Kung ang isang adultong pasyente ay wala pang pinangalanan bilang Durable Power of Attorney para sa Pangangalagang Pangkalusugan o tagapag-alaga, ayon sa batas ng Washington, ang sumusunod na mga tao (ayon sa pagkakasunud-sunod na nakasaad sa ibaba) ang gagawa ng mga desisyon:

1. Ang iyong asawa/nakarehistrong domestic partner (kahit magkahiwalay)
2. Ang iyong anak/mga anak na nasa hustong edad
3. Ang iyong (mga) magulang
4. Ang iyong (mga) kapatid na nasa hustong edad
5. Ang iyong apo/mga apo na nasa hustong edad
6. Ang iyong (mga) pamangkin na nasa hustong edad
7. Ang iyong (mga) tiyahin o (mga) tiyuhin na nasa hustong edad
8. Iba pang kamag-anak ng pasyente o malapit na kaibigan na natutugunan ang ilang partikular na batayan

## POLST: Mga Utos ng Doktor para sa Paggamot na Nagpapahaba ng Buhay

Kasama ng iyong (mga) Paunang Pahintulot, maaaring gustuhin mong magkaroon ng isang Utos ng Doktor para sa Paggamot na Magpapahaba ng Buhay (Physician Order for Life Sustaining Treatment o POLST) para tugunan ang malulubhang kundisyon sa kalusugan sa mga emergency na sitwasyon. Inirerekomenda ang form ng POLST para sa sinumang indibidwal na may malala, karamdamang nagbibigay taning sa buhay o paulit-ulit na panghihina. Maaaring gamitin ng iyong doktor ang form ng POLST para katawanin ang iyong mga hiling bilang malinaw at tukoy na mga medikal na utos na nagsasaad kung anong mga uri ng panggagamot na nagpapanatili ng buhay ang gusto mo o hindi mo gusto sa pagwawakas ng buhay.

Susundin ang mga utos na ito sa anumang sitwasyong kinalalagyan mo: nursing home, aid car, bahay, o ospital.





## Pagdo-donate ng Organ/Tissue

Maaaring naisin mong i-donate ang iyong mga organ at/o tissue pagkamatay mo para makapagbigay-buhay sa isang nangangailangan. Hanggang 50 buhay ang maaaring mailigtas o mapahusay ng iisang donor.
Potensyal na donor ang lahat. Huwag ibukod ang iyong sarili dahil sa edad, medikal na kondisyon o diagnosis, dahil magkakaroon ng medikal na pagsusuri sa oras ng pagdo-donate. Kung gusto mong i-donate ang iyong mga organ at/o tissue, kakailanganin mong magparehistro. Maaari itong gawin kapag na-renew mo ang iyong lisensya sa pagmamaneho. O maaari kang magparehistro online sa Donatelifetoday.com.

Para sa higit pang mga impormasyon sa Patiunang Pagpaplano sa Pangangalaga kasama ang nado-download na mga form, pakisuyong bisitahin ang The Providence Institute for Human Caring sa www.instituteforhumancaring.org/Advance-Care-Planning.

I-scan dito para makabisita The Institute for Human Caring